**BATA MAY TANONG KA BA TUNGKOL SA COVID-19?**
**FOR GRADE 1 TO HIGHSCHOOL**
**Lesson 9**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mag-aaral! Handa ka na bang matuto tungkol sa Coronavirus Disease Pandemic na kinakaharap natin ngayon? Sabay-sabay nating sagutin ang inyong katanungan tungkol sa* ***"Tugon ng DOH sa COVID-19".*** *Huwag mangamba; mapagtatagumpayan din natin ang laban kontra COVID-19, kaibigan!* |

| **Bata, May Tanong ka ba sa COVID-19? For Grade 1 to Highschool - Lesson 9** |
|---|
| Source: Department of Health |
| **I.PAGBATI**<br>Isang Mapagpalang Araw, mga ka-AHA! 💜 Nandito po ulit si Teacher ____ 👩🏻🏫. Panibagong araw, panibagong katanungan na naman tungkol sa COVID-19 ang aming sasagutin at ipapaliwanag sa inyo. ❓🧞<br><br>**II.❓ KATANUNGAN SA ARAW NA ITO**<br>Sa araw na ito, sasagutan natin ang katanungan mula sa liham ni Cathy ng Pateros.<br><br>📃 Ito ang nilalaman ng kanyang sulat:<br><br>Teacher, lagi niyo pong nababanggit po ang Department of Health po. Ano po ang ginagawa nila para labanan po ang COVID-19?<br><br>**III.💬 PAG-USAPAN NATIN**<br>Hi, Cathy!<br><br>Salamat sa pagtatanong. 🤗<br><br>--<br><br>Sa ngayon, ang Department of Health ⚕ ay nakikipag-ugnayan sa World Health Organization at iba pang mga partners para sa mga balita tungkol sa bilang ng |

mga nagpositibo sa COVID-19 at maaaring proteksyon 💉 at gamot 💊 laban sa COVID-19. (Para silang pulis pangkalusugan na binabantayan lahat ng tao laban sa mga viruses, bacteria, at germs na nagdudulot ng sakit. 👩🏻⚕⚕)

Nagco-"contact tracing" 📝 din sila sa mga taong nagpositibo sa COVID-19. Inaalam nila kung saan nagpunta at kung sino ang mga taong nakasalamuha ng taong may COVID-19 para matiyak na hindi kumalat ang coronaviruses sa bansa.

Nagbuo din sila ng Interagency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) at DOH Emergency Operation Center (DOH EOC) for COVID-19 na nag-aayos ng lahat ng kahandaan at pagtugon sa COVID-19. (Para may resbak sila. 👩🏻‍🔬👩🏻⚕👩‍💻)

Binabalita din nila sa mamamayang Pilipino ang sitwasyon ng COVID-19 sa ating bansa 🇵🇭 sa pamamagitan ng press briefings. 📺

Pati ang mga ospital 🏥 ay sinisigurado nilang puno ng kagamitan na ginagamit nilang sandata at proteksyon laban sa COVID-19.

Habang ang Bureau of Quarantine ay patuloy na nagtatrabaho kasama ang mga airline at airport authorities upang palakasin ang border surveillance habang pinagtitibay naman ng Epidemiology Bureau ang DOH surveillance sa komunidad. (Syempre kung may pulis pangkalusugan 👩🏻⚕👨🏻⚕, meron ding pulis panghimpapawid 👨✈👩✈.)

**IV.✊ HAMON**

Ayan, siguro naman ay maiiwasan na nating mangamba dahil alam nating mayroong mga superheroes sa katauhan ng mga doktor 👨🏻⚕, nars, scientists 👨🟫🔬, at iba pa na tulong-tulong sa pagtatrabaho at paglalaan ng oras upang labanan ang COVID-19. 👊🦠

At tulad ng ating mga nababasa sa libro 📒, paniguradong ililigtas nila ang sambayanan. Kailangan lang nating magtiwala, sumuporta, gumabay, at manalangin. 🙏

Kaya kung may kamag-anak tayong frontliners 👩🏻⚕👩🏻‍🍳👩🏻‍🏫👨🏻‍🔬👮♀👷♀, huwag nating kakalimutang i-recharge sila gamit ang ating nakakahawang ngiti 😁, at kapangyarihang magpalaganap ng positivity at pag-ibig 🥰. Tiyak na lalakas ang kanilang power at energy ⚡ dahil sa 'ting mga ball of sunshine nila. ☀)

At hangga't maaari, maging hopeful tayo. Sabi nga ng Department of Health ⚕, sa halip na isipin na maraming namamatay, isipin na marami na at marami pang gagaling sa tulong ng Diyos at ng ating mga frontliners. 👩🏻⚕

Bago tayo magtapos, pwede ba nating palakpakan 👏 ang mga frontliners at sabihin kahit sa ating sarili o i shout-out sa ating social media accounts ang:

“Thank you for saving our lives, Frontliners! 🙌 Please know that you are loved ❤ and supported by us. More strength ⚡ for you.”

#BangonPilipinas 🇵🇭
#WeHealAsOne

**V. 💡 PAG-ISIPAN**

Tingnan natin kung may natutunan ka sa diskusyon sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na katanungan. Huwag mag-alala, maaaring gawing gabay ang talakayan sa itaas.

🔎 Kanino nakikipag-ugnayan ang Department of Health para sa mga balita tungkol sa mga nagpositibo sa COVID-19 at maaaring proteksyon at gamot laban sa dito?
🔎 Ano itong ginagawa para malaman kung saan nagpunta at kung sino ang mga taong nakasalamuha ng taong may COVID-19?
🔎 Paano nila binabalita sa mamamayang Pilipino ang sitwasyon ng COVID-19 sa ating bansa?
🔎 Paano natin mare-recharge ang mga kababayan nating frontliners?

**VI.👋 PANGWAKAS NA BATI**

At dito nagtatapos ang ating talakayan. Sana ay natuto at nasiyahan kayo sa ating diskusyon. Kung may mga katanungan, maaari niyong i-private message (PM) si Teach. 📲👩🏻🏫

Magkita-kita ulit tayo sa susunod para sa “Bata, may tanong ka ba tungkol sa COVID-19?” 👧🏻🧒🏻❓

Maraming salamat sa pakikiisa! 🤗

-

"This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center."